# Ang Pananabik sa Pag-asa

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
December 12, 2020

Ang Pasko ay paalala na may pag-asa tayo sa gitna ng ating pagsubok. Ang kabalintunaan na ito ay salungat na pahayag sa pakikipagbuno natin sa ating buhay araw-araw. Gusto ng Diyos na matuto tayong hanapin ang pag-asa sa ating mga hamon sa buhay. "Ngunit ang lahi niya'y lilitaw ang isang hari, tulad ng supling mula sa isang tuod"(Is.11:1). Nakakita ng pag-asa si Isaias sa gitna ng pang-aapi. Tinitiyak sa atin ng pahayag na ito na sa gitna ng pagkasalukuyang sitwasyon natin, may dalang pag-asa ang Pasko. Nandito ang pag-asa; buhay ang pag-asa (1Pet. 1:3). Kung tayo'y sawi, ang Diyos ay may ginagawang pambawi.

**1.Ano ang kahulugan ng "pagkasabik sa pag-asa?"**

1.1 Ito'y pag-asang dala ng Diyos para sa atin. "Ligtas na tayo at inaasahan ang kaganapan nito. Ngunit ang pag-asa ay hindi pag-asa kapag nakikita na ang inaasahan. Sino ang aasa sa nakikita na? Ngunit kung umaasa tayo sa hindi nakikita, ito'y hinihintay natin ng buong tiyaga" (Rom. 8:24-25).

1.2 Hindi nakalutang ang pag-asa sa labas ng ating sitwasyon. Nasa ilalim ang tunay na pag-asa. Angkla ito na maaari nating hawakan nang mahigpit sa oras ng ating pagsubok.

1.3 May mga pangyayari sa buhay natin na ayaw natin, ngunit, ang mga ito ang pinakamabunga sa lahat, marami tayong natutunan. Ang panahon ng pagtatabas ay kapag nakararanas tayo ng mga pagsubok, na sa huli, dito natin nasusumpungan ang mga pangako ng Diyos.

1.4 May sabik ang pag-asa kung ang Diyos ay tahimik; tuwing nakararanas tayo ng krisis sa kalusugan; tuwing hirap tayo sa pananalapi; o kaya'y may pagsubok tayo sa relasyon.

**2. Ang kapanangakan ni Jesus sa Betlehem ay hindi naging madali.**

2.1 Maraming hirap ang naranasan nina Jose at Maria noong ipinaglihi niya si Jesus. Nakatakda pa lang ikasal si Maria kay Jose noong isinugo ng Diyos ang anghel para ipahayag ang panganganak kay Jesus.

2.2 Hindi sa magandang lugar ipinanganak si Jesus; kailangan nilang maglakbay mula Nazareth patungong Bethlehem para matupad ang propesiya; bukod dito, wala silang matuluyan na silid, at humantong sila sa sabsaban.

Sa hirap na dinanas nila, naihayag ang mga pamamaraan ng Diyos. Nagpapakita ang Diyos sa ating kahinaan, para malaman natin na sa ating kahinaan, Siya'y malakas. Bibigyan tayo ng Diyos ng pagkakataong magtagumpay. "Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga, hindi pa rin sumasagi sa isip ng tao, ang inihanda ng Diyos sa mga umiibig sa kanya" (1Cor. 2:9).

**3. Sa mahirap na paraan nais gawin ng Diyos ang mga bagay-bagay.**

3.1 Pinangunahan ni Moses ang pagtakas ng mga Israelita mula sa kamay ng hari ng Eh
ipto, at
sa pagtawid sa dagat.

3.2 Ginamit ng Diyos si David, isang simpleng pastol, para mapatay si Goliath gamit ang tirador.

3.3 Ang 32,000 na tauhan ni Gideon ay ginawa na lang 300 ng Diyos.

**Konklusyon:**

Hirap man tayo sa ngayon, may nakalaan namang matamis na tagumpay para sa atin. Minsan nakatago ang pag-asa, ngunit sumisibol ito sa gitna ng mga pagsubok. (1Cor. 2:9). Tahimik na inaayos ng Diyos ang buhay natin. Kung pagod na tayo, at di natin nakita ang liwanag sa dulo ng lagusan, alalahanin natin ang banal na gabi, noong isinilang si Jesu-Cristo na nagdala ng pag-asa. Nagbibigay ito ng saya sa gitna ng ating kapaguran.

**Pagninilay:**

1. Ano-ano ang mahirap na pinagdadaanan mo sa ngayon? Paano mo kaya ito malalampasan?
2. May nakikita ka bang bagong buhay, bagong simula at pag-asang sumisibol sa gitna ng iyong pagsubok at hamon ng buhay?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials